**Pinag-isang mga Paaralan ng Distrito ng San Diego**
**Tanggapan ng Pagsunod sa Naaalinsunod na Reklamo**
**(*Uniform Complaint Compliance Office*)**
4100 Normal Street, Room 2129
San Diego, CA 92103

# Mga Patakaran at Pamamaraan sa Naaalinsunod na Reklamo (*Uniform Complaint Procedures*, UCP) Taunang Paunawa 2023-2024

Taun-taong inaabisuhan ng Pinag-isang mga Paaralan ng Distrito ng San Diego (Distrito) ang mga estudyante, empleyado, magulang o tagapag-alaga ng mga estudyante nito, komite sa pagpapayo ng distrito, mga komite sa pagpapayo ng paaralan, mga naaangkop na opisyal ng pribadong paaralan, at iba pang mga interesadong partido sa proseso ng Mga Patakaran at Pamamaraan sa Naaalinsunod na Reklamo (*Uniform Complaint Procedures*, UCP).

Available ang Taunang Paunawa ng UCP sa aming website.

Pangunahing responsable ang Distrito sa pagsunod sa mga batas at regulasyon ng pederal at estado, kasama ang mga may kaugnayan sa labag sa batas na diskriminasyon, pangha-harass, pananakot, o pambu-bully laban sa anumang protektadong grupo, at lahat ng mga programa at aktibidad na napapailalim sa UCP. Para sa buong patakaran, sumangguni sa Patakaran ng Board 1312.3 at Administratibong Regulasyon 1312.3.

**Mga programa at aktibidad na napapailalim sa UCP:**

1. Mga akomodasyon para sa mga estudyanteng nagdadalang-tao at nag-aalaga ng bata (Education Code 46015)

2. Mga programang pang-edukasyon para sa nasa hustong gulang (Education Code 8500-8538, 52334.7, 52500-52617)

3. Mga programang Pang-edukasyon at Kaligtasan Pagkatapos ng Pasok sa Paaralan (Education Code 8482-8484.65)

4. Edukasyong teknikal sa karerang pang-agrikultura (Education Code 52460-52462)

5. Mga programang teknikal sa karera at teknikal na edukasyon at teknikal na karera at teknikal na pagsasanay (Education Code 52300-52462)

6. Mga programa sa pangangalaga at pagpapaunlad ng bata (Education Code 8200-8498)

7. Pangtumbas/Kabayaran (*compensatory*) na edukasyon (Education Code 54400)

8. Pinagsama-samang kategoryang mga programa ng tulong (Education Code 33315; 34 CFR 299.10-299.12)

9. Mga panahon ng kurso na walang nilalamang pang-edukasyon, kapag itinalaga ang mga estudyante sa baitang 9-12 sa mga nasabing kurso nang higit sa isang linggo sa anumang

semester o sa isang kurso na dati nang kasiya-siyang nakumpleto ng estudyante, maliban kung natutugunan ang mga tinukoy na kondisyon (Education Code 51228.1-51228.3)

10. Diskriminasyon, pangha-harass, pananakot, o pambu-bully sa mga programa at aktibidad ng distrito, kabilang ang mga programa o aktibidad na direktang pinondohan ng o na tumanggap o nakikinabang sa anumang tulong pinansyal ng estado, batay sa aktwal o nadamang mga katangian ng edad, pinagmulang lahi, kulay, kapansanan (isip o pisikal), etnisidad, pagkakakilanlan ng ethnic group, kasarian, pagpapahayag ng kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, impormasyon ng genetic, status sa immigration, marital o parental status, nasyonalidad, bansang pinagmulan, kasarian (aktwal o nadama/napansin), oryentasyong sekswal, lahi, relihiyon o anumang iba pang katangiang tinukoy sa Education Code 200 o 220, Government Code 11135, o Penal Code 422.55, o batay sa kaugnayan ng tao sa isang tao o grupo na may isa o higit pa sa mga aktwal o nadama/napansing katangian (5 CCR 4610)

11. Mga kinakailang na pang-edukasyon o pagtatapos para sa mga estudyante nasa pangangalaga ng foster, mga estudyanteng walang tirahan, mga estudyanteng mula pamilyang nasa military, mga estudyante na dating nasa paaralang para sa kabataang nakakulong(*juvenile court school*), mga estudyanteng migrante, at mga estudyanteng imigrante na lumalahok sa isang programa para sa bagong dating (Education Code 48645.7, 48853, 48853.5, 49069.5, 51225.1, 51225.2)

12. Nagtatagumpay ang Bawat Estudyante na Panukalang-batas Ba (*Every Student Succeeds Act*) (Education Code 52059; 20 USC 6301 et seq.)

13. Lokal na plano ng kontrol at pananagutan (Education Code 52075)

14. Edukasyon ng migrante (Education Code 54440-54445)

15. Mga minuto sa pagtuturo ng pisikal na edukasyon (Education Code 51210, 51222, 51223)

16. Mga babayaran ng estudyante (Education Code 49010-49013)

17. Mga makatwirang akomodasyon para sa estudyanteng nagpapasuso (*lactating student*) (Education Code 222)

18. Mga panrehiyong lugar at programa na may kinalaman sa trabaho (Education Code 52300-52334.7)

19. Mga plano ng paaralan para sa tagumpay ng estudyante na kinakailangan para sa pinagsama-samang aplikasyon para sa tinukoy na kategoryang pagpopondo ng pederal at/o estado (Education Code 64001)

20. Mga plano sa kaligtasan ng paaralan (Education Code 32280-32289)

21. Mga konseho sa site ng paaralan na kinakailangan para sa pinagsama-samang aplikasyon para sa tinukoy na kategoryang pagpopondo ng pederal at/o estado (Education Code 65000)

22. Mga programa sa preschool ng estado (Education Code 8235-8239.1)

23. Mga isyu ng estado sa kalusugan at kaligtasan ng preschool sa mga programang walang lisensya (Education Code 8235.5)

24. Anumang reklamo na nagsasaad ng pagganti laban sa nagrereklamo o iba pang kalahok sa proseso ng Naaalinsunod na Reklamo o sinumang kumilos upang magbunyag o mag-ulat ang ng paglabag na napapailalim sa patakarang ito.

**Pagsasampa ng Reklamo sa UCP**
Dapat isampa ang isang reklamo sa UCP nang hindi lalampas sa isang taon mula sa petsa na naganap ang diumano'y paglabag.

Para sa mga reklamo na nauugnay sa Lokal na Plano ng Kontrol at Pananagutan (*Local Control and Accountability Plan*, LCAP), ang petsa ng diumano'y paglabag at ang petsa noong inaprubahan ng awtoridad na nagsusuri ang LCAP o taunang update na pinagtibay ng aming ahensya.

Iimbestigahan ang mga reklamo at isang nakasulat na ulat na may desisyon ay ipapadala sa nagrereklamo sa loob ng animnapung (60) araw mula nang matanggap ang reklamo. Ang panahong ito ay maaaring pahabain sa pamamagitan ng nakasulat na kasunduan ng nagrereklamo. Ang taong responsable para sa pagiimbestiga sa reklamo ay dapat magsagawa at kumpletuhin ang imbestigasyon alinsunod sa aming mga patakaran at pamamaraan sa UCP.

Ang isang mag-aaral na naka-enrol sa alinman sa aming mga pampublikong paaralan ay hindi kailangang magbayad ng babayaran ng mag-aaral para sa pakikilahok sa isang aktibidad na pang-edukasyon.

Maaaring isampa ang isang reklamo sa babayaran ng mag-aaral sa punong-guro ng paaralan o aming superintendente o kanilang itinalaga.

Ang reklamo sa babayaran ng mag-aaral o LCAP ay maaaring isampa nang hindi pinapangalanan, iyon ay, nang walang pirma ng pagkilala, kung magbibigay ang nagrereklamo ng ebidensya o impormasyon na hahantong sa ebidensya upang suportahan ang isang paratang ng hindi pagsunod.

**Mga Responsibilidad ng Distrito**
Magpo-post kami ng paunawa na nakaayon sa pamantayan, bilang karagdagan sa paunawang ito, na may mga kinakailangan sa edukasyon at pagtatapos para sa mga mag-aaral na nasa pangangalaga ng foster, mga mag-aaral na walang tirahan, mga mag-aaral na mula pamilyang nasa military, at mga mag-aaral na dating nasa Kabataang Nakakulong (*Juvenile Court*) na naka-enrol na ngayon sa paaralang distrito.

Pinapayuhan naming ang mga nagrereklamo ng pagkakataong umapela (sa loob ng 30 araw) sa isang Ulat sa Imbestigasyon ng mga reklamo tungkol sa mga programang saklaw ng UCP sa Kagawaran ng Edukasyon (*Department of Education*, CDE).

Pinapayuhan namin ang mga nagrereklamo ng mga remedyo sa batas ng sibil, kabilang ang mga pag-utos ng hukuman sa pagpapatupad (*injunctions*), utos ng hukuman upang pagbawalan ang isang indibidwal na magsagawa ng partikular na aksyon (*restraining orders*), o iba pang mga remedyo o utos na maaaring available sa ilalim ng mga batas ng estado o pederal sa diskriminasyon, pangha-harass, pananakot, o pambu-bully, kung naaangkop.

Ang mga kopya ng aming mga pamamaraan sa UCP ay available nang walang bayad.

**Para sa Mga Reklamo sa UCP Tungkol sa Mga Isyu sa Kalusugan at Kaligtasan ng Preschool ng Estado Alinsunod sa Seksyon 1596.7925 ng Health and Safety Code [HSC] ng California:**

Upang matukoy ang mga naaangkop na paksa ng mga isyu sa kalusugan at kaligtasan ng preschool ng estado alinsunod sa Seksyon 1596.7925 ng *Health and Safety Code (HSC)* ng California, isang paunawa ang dapat ipaskil sa bawat silid-aralan ng programang preschool ng estado ng California sa bawat paaralan sa aming ahensya.

Ang paunawa ay karagdagan sa taunang paunawa ng UCP na ito at ipinapabatid sa mga magulang, tagapag-alaga, mag-aaral, at guro (1) ang mga kinakailangan ng kalusugan at kaligtasan sa ilalim ng Pamagat 5 ng *Code of Regulations* ng California (5 *CCR*) na nalalapat sa mga programang preschool ng estado ng California alinsunod sa Seksyon 1596.7925 ng *HSC*, at (2) ang lokasyon kung saan makakakuha ng form upang maghain ng reklamo.

**Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan**

Ang mga reklamo na saklaw ng UCP ay dapat isampa sa taong responsable sa pagpoproseso ng mga reklamo:

Lynn A. Ryan, Uniform Complaint Compliance Officer
Pinag-isang mga Paaralan ng Distrito ng San Diego
San Diego, CA 92103
619-725-7225
lryan@sandi.net